Nathaniel Llana Panganiban

# Manggagawa Naman, Tayo Naman Ngayon!: Ang Makabayang Diskurso ni Leodegario "Ka Leody" De Guzman Bilang Kontra-Hegemonya

**ABSTRAK**

Bago sa kasaysayan ang hinawang landas-politikal ng uring manggagawa sa pamamagitan ng pagtakbo ni Leodegario "Ka Leody" De Guzman noong pampanguluhang halalan 2022. Layunin ngayon ng pag-aaral na palutangin ang makabayang diskurso ni Ka Leody gamit ang kapangyarihan ng wikang Filipino bilang kontra-hegemonya upang maisiwalat ang tradisyunal na politika ng bansa. Gabay ang makabayang diskurso ni Torres-Yu (2012), kontra-hegemonya sa wika ni Campoamor II (2018), at kapangyarihan sa likod ng diskurso ni Fairclough (1989) bilang pattern ng pagsusuri, nakita ang limang tema ng makabayang diskurso mula sa mga naratibo ni Ka Leody: (1)Manggagawa Naman, Tayo Naman!; (2) Serbisyo, Hindi Negosyo!; (3) Neoliberalismo, Ibagsak!; (4) Politika ng Masa, Kilusan ng Masa!; at (5) Hustisyang Pangklima, Ngayon Na!.

Mula dito, natuklasan ang naratibo ni Ka Leody ay naglalaman ng makabayang diskursong pinangungunahan ng abanteng lakas ng uring manggagawa at masang bumabandila ng panawagang politikal at hustisyang sosyal na nakabatay sa panlipunang pangangailangan ng nakararami. Gamit ang makauring jargon bilang kapangyarihan ng wikang Filipino, mas naibilad pa ang umiigting na "tunggalian ng uri", panlipunang inhustisya, at pamamayani ng politika ng trapo, mayayamang negosyante, at dinastiya. Ang mga resultang ito ay nagtungo sa kongklusyong marapat pang suriin ang ugnayan ng wika at lipunan at pakikilahok, pagpapalakas, at pagkakaisa ng iba't ibang kilusang pangmanggagawa. Dagdag pa, krusyal ang pag-agaw o pag-ako ng responsibilidad ng kilusan sa moda ng produksyong lumilikha ng diskursong pangwika at lipunan na makatutulong sa mas lalong paglinang at pagsuri ng iba pang konteksto ng makabayang diskurso.

**Susing Salita:** *Makabayang Diskurso, Kontra-Hegemonya, Wikang Filipino, Ka Leody, Manggagawa*

## INTRODUKSYON

Mapanghamon ang naging kandidatura ni Leodegario "Ka Leody" De Guzman sa larangan ng eleksyon pampanguluhan noong 2022 at pagkasenador noong 2025 sapagkat wala pa simula noong 1935 nangahas tumapak ang isang kinatawan ng makakaliwang grupo sa hanay ng manggagawa dito (Borja & Hecita, 2022). Ibig sabihin, historikal ang tinindigang niyang kampanyang "Manggagawa Naman, Tayo Naman" na mula sa ideolohiyang interes ng proletaryadong puwersa. (Lagman, w.p)

Masalimuot ang kasaysayan ng labanan ng hegemonya ng politika kahit noong panahon ng mga mananakop sa atin. Nagsimula ang Espanya sa mga ekspedisyon at mga kasunduan ukol sa Kristiyanimo. Nang maglaon, kapangyarihang pyudal/ monarkiyang awtoridad ang ipinataw ng Simbahang Katolika ng Kastila (E. San Juan Jr., 2024a) na unti-unting nagbunga ng turing sa mga wikang katutubo noon bilang pagano at pagiging demonyo habang ang wikang Kastila ay naging midyum ng piyudalismo at monarkiyang politika sa loob ng mahigit tatlong daang taon (Abiva, 2024).

Napalitan lang ito ng kapangyarihang Amerikano— 'hegemonic' mula sa salita ni Gramsci sa turan ni Gaillard (2024) ang kolonyalisasyon ng Kano sa "gobyerno at opisyal na dokumento at batas, pinakaseryosong media, mataas na edukasyon, at iba pang bahagi ng lipunan. Kaya naniwala ang taumbayan na mas prestihiyoso ang wikang kolonyal kaysa sa mga katutubong wika na ginagamit nila sa araw-araw na buhay (p.4)".

Panandaliang napasakamay ang politikal na kapangyarihan ng Pilipinas ng mga Hapones bago ito bumalik sa mga Amerikano o sa turan ni Guererro (1970) ay 'Imperyalismong EU' sa pamamagitan ng pagsisiwalat ng pagiging 'papet' ng mga pangulo ng Pilipinas hanggang sa Rehimeng Marcos. Makikita rito ang mga bogus na tratado, monopolistang kontrol ng dayuhan sa ekonomikong kalagayang ng pamahalaang Pilipinas. May galamay pa rin hanggang sa ngayon ang impluwensiyang ito ng mga Kano sa anyo ng mga tratado at ilang pang neoliberalismong polisiyang pinasok ng Pilipinas hanggang sa panahon ng rehimeng Duterte. Paglilinaw pa ni E. San Juan Jr. (2022):

> "Di alam ng marami na sakop tayo ng mga kilos militar ng US hanggang ngayon sa kabila ng pagtalsik sa Clark at Subic noong 1992. Halimbawa, nasa lilim tayo ng Operation Pacific Eagle Philippines

> (OPE–P), ang pinakabagong Overseas Contingency Operations ng US kakabit ng gera sa Syria at Iraq, bago pa umurong sa Afghanistan ang tropa ng US nitong Agosto 2021. Bagama't pinalayas na ang mga base, mahigpit na nakatali pa rin tayo sa bisa ng kasunduang 1951 Mutual Defense Treaty, 1994 Visiting Forces Agreement (VFA); 2007–17 Mutual Logistics Support Agreement; at 2014 Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) ng dalawang bansa (Pforr 121–33; Bonner 203–23). Kagyat na tinamaan ng OPE–P ang lahing BangsaMoro, mga lumad at mga binansagang "terorista" ng Proklamasyon 374 ni Duterte, ang Communist Party of the Philippines at New Pople's Army—ang huling dalawa ay itinuring ng US State Department na "foreign terrorist organizations" (ILPS–Philippines). (pahina 2-3).

Masasabi ngayon ang hegemonya sa politika ng Pilipinas ay hindi lang pagpapakita ng dahas kundi ginamitan din ito ng paghamig-kultural na aspekto sa pamumuhay ng ating mga katutubo hanggang sa maitayo ang kapangyarihang kahawig ng hegemonyang protektado ng pandarahas (coercion) ng estado (Gramsci, 1975).

Sa ganitong punto, ang makabayang diskurso ni Ka Leody bilang lider-manggagawa gamit ang wikang Filipino ang sagot bilang kontra-hegemonya sa napakahabang kasaysayan ng hegemonya ng ating politika. Ilan sa mga sumuri sa kontradiksyong ito ay ang ulat ni E. San Juan Jr. (2017) tungkol sa hakbang sa kontra-hegemonya ng espasyong sosyedad sibil bilang neoliberalismong konsumerismong batayan ng alyenasyong laganap sa Pilipinas ay sa pamamagitan ng pagtalakay sa paglikha ng katutubong Sikolohiya ng/sa Pilipino ni Virgilo Enriquez at Pantayong Pananaw ni Zeus Salazar bilang diwang esensyal ng bansa. Kapwa rin itong gumamit ng wikang Filipino bilang behikulo ng kani-kanilang diskurso. May bahid ng pagbalikwas din sa hegemonya ng pananakop ang lapat ni E. San Juan Jr. (2024b) sa 'La Revolucion Filipina' ni Apolinarion Mabini na may representasyon ng rebolusyonaryong espiritu ng sambayanang umayaw sa kolonyalismo at rasistang Amerikano nagbunga ng kamalayan-sa-sarili o determinasyong makasarili. Naglalahad din ang pagdidiskursong pambayan sa nobela ni Isabelo de los Reyes sa suri ni Cerda (2020) ng pagbalikwas sa hegemonya ng mananakop na Amerikano bagamat may kompromiso ito sa kaayusang kolonyal ng Estados Unidos.

Sa usapin wika at panitikan, tinanghal naman ni Mendoza (2011) ang papel ng wikang Filipino sa diskursong pambayan na "diskursong Pilipino, galing

sa Pilipino, para sa Pilipino" na umuugat sa pasasakonteksto ng pluralismo at Pantayong Pananaw bilang pagbalikwas sa mga makakolonyal na pananaw. Kontra-puso namang tinawag nina Dimzon at Barrios (2020) ang kontra-diskurso sa dominanteng kaayusan sa panahon ng rehimeng Duterte na naglalayong baligtarin ang kaayusan ng mundo sa pamamagitan ng pagtumba sa naghaharing uri (p. 56). Naglatag din si D. M. San Juan (2010) sa mga sinuri niyang akda mula kay Bienvenido Lumbera ng konteksto ng kontra-gahum:

> Inalay ni Lumbera ang kanyang antolohiya sa "lahat ng kabataang makata na nakikibaka para sa kalayaaan at demokrasya, alinpamang wika ang kanilang ginagamit sa pagtula". Dito pa lamang ay maliwanag na ang pagkiling ni Lumbera sa tradisyong kontra-gahum ng Marxismo: ang paggamit ng panitikan bilang ekspresyon ng mga pang-aapi at pagasasamantala ng mga nasa kapangyarihan at pagsusulong ng kamulatan na magbubunsod ng pagbabago (gaya ng "kalayaan at demokrasya") at pagpapabuti ng buhay hanggang sa ganap na liberasyon ng mga inaapi at pinagsasamantalahan.

Mababanaag naman ngayon sa makabayang diskursong ni Ka Leody noong eleksyon 2022 at 2025 na hindi ito basta galing lang sa kanyang pormal na edukasyon-- nakaugat din ito sa kanyang karanasan bilang manggagawang Pilipino. Mula sa pagiging anak ng magsasaka, pagkatapos ng kolehiyo noo'y naging manggagawa, organisador, at kalauna'y aktibista si Ka Leody sa ilalim pa noon ng Kilusang Mayo Uno (KMU) at nang magkaroon ng 'biyakan' at umanib sa Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP) (Melsa, 2020; Fuller 2015). Gayundin, ang karanasan niya bilang uring-manggagawa ay karakterisado ng wikang Filipino o "Tagalog" (Dejito, 2022) bilang matibay na baluti ng kanyang makabayang diskurso sapagkat ang wikang ito ay nakaugat sa kanyang karanasan bilang manggagawa—ang sektor ng lipunan na kabahagi ng gawaing intelektuwal sa isyu ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino bilang wikang pambansa (Abueva, 1992). Inukit si Ka Leody ng kanyang makauring karanasan bilang sandata sa pag-oorganisa ng masang Pilipino, isang organikong intelektuwal, sa konteksto ni Gramsci (1975), na nakaugat sa kanyang kinakatawang komunidad o pangkat at nakalapat ang karanasan sa reyalidad upang maglingkod sa kanyang kauri.

Sinuri ngayon ng papel ang makabayang diskurso ni Ka Leody bilang kontra-hegemonya sa kanyang mga naratibo inilahad sa mga debateng nilahuan niya sa panahon ng eleksyon 2022 upang malaman ang mga sumusunod na layunin: (1) Ano ang makabayang diskursong inilatag ni Ka Leody De Guzman?; (2)

Paano nagamit ni Ka Leody De Guzman ang kapangyarihan ng wikang Filipino sa paglalatag ng makabayang diskurso?; at (3) Paano naipakita ang makabayang diskurso ni Ka Leody De Guzman bilang kontra-hegemonya sa tradisyunal na politika? Sa ganitong konteksto, nahimay ang makabayang diskurso ni Ka Leody laban sa politikang nakasanayan na ng ating bansa.

**METODOLOHIYA**

Sa pamamagitan ng pagtatahi ng mga yugto ng pangyayari upang makabuo ng magkakaugnay na istorya o konsepto bilang kwalitatibong disenyo ng papel (Abubakar, 2019), hinango sa mga naratibo ni Ka Leody ang makabayang diskurso mula sa tatlong debateng nilahukan: *SMNI Presidential Debate 2022* (The Manila Times, 2022)*, CNN Philippines Presidential Debate 2022* (NewsWatch Plus PH, 2022), at ang *PiliPinas Presidential Debate 2022* (ANC 24/7, 2022)*.* Ginamit naman ang kapangyarihan sa likod ng diskurso (Fairclough, 1989) bilang metodo-teorya na susuri sa diskurso. Saka ito ginabayan ng makabayang diskurso ni Torres-Yu (2012) at kontra-hegemonya sa wika ni Campoamor II (2018) bilang teorya at metodo sa papel.

Ang **naratibo** sa papel ay tatlong kategorya: **sagot** ang uri ng naratibo ni Ka Leody sa mga tanong/follow up na tanong na nanggaling sa modereytor, mga panelista, at host, pormal man o hindi pormal na naihanda sa debate. **Reaksyon** naman ang uri ng naratibo ni Ka Leody mula sa mga kapwa kandidato. Hindi kinategoryang rebuttal ang mga ito sapagkat walang kontrahan na naganap at kadalasan ay pagsang-ayon/pagdagdag lamang ang nilalaman nito sa kapwa kandidato. Sa **rebuttal** naman makikita ang uri ng naratibo bilang kontra-diskurso ni Ka Leody sa kapwa kandidato.

Nadalumat din ang bawat naratibo ni Ka Leody sa pamamagitan ng talahanayan ng consraints of discourse ni Fairclough (1989). Ito ay ang content, relationship, at subject sa loob ng naratibo. Una, ang mga tanong/follow-up na tanong at paglilinaw galing sa paksa ng debate mula sa panelista at modereytor/tagpagpadaloy, rebuttal o reaksyon mula naman sa kapwa kandidato (content) at ang sagot/reaksyon/rebuttal ng naratibo ni Ka Leody (knowledge and beliefs). Pangalawa, ang relasyon (relation) ni Ka Leody sa kapwa niya kasama sa debate at iba pang kabilang dito (social relationships)— sa kapwa kandidato, sa tagapagpadaloy, o sa panelista man. Panghuli, si Ka Leody (subject) at ang kanyang pagkakakilanlan bilang lider-manggagawa (social identities). Inilagay sa talahanayan ang mga naratibong ito at ginamitan ng tematikong pagsusuri ng mananaliksik na binatay sa mga teoryang tinalakay. Pagpapatibay din na napapanahon pa rin ang makabayang diskurso ni

Ka Leody dahil natagpuan pa ito sa ilang mga naratibong nakalap ng pagsusuri ng mananaliksik—sa balita, Facebook post, at ilan pang kontemporanyong pag-aaral.

## RESULTA AT DISKUSYON

### Ang Makabayang Diskurso ni Ka Leody

Nakita na may **limang (5) tema (I. Manggagawa, Naman, Tayo Naman!, II. Serbisyo, Hindi Negosyo!, III**. **Neoliberalismo, Ibagsak!, IV. Politika ng Masa, Kilusan ng Masa!,** at **V. Hustisyang Pangklima, Ngayon Na!)** ang makabayang diskurso ni Ka Leody bilang resulta ng pagsusuri ng mga nalikom na naratibo. Nasa susunod na talata naman ang pagtalakay sa bawat tema ng makabayang diskurso ni Ka Leody na nakalap. Narito rin ang paliwanag sa bawat naratibong nakapaloob sa mga tema kasama ang klasipikasyon kung ang naratibo ba ay inilahad bilang **sagot, reaksyon, o rebuttal** sa debate.

#### *I. Manggagawa, Naman, Tayo Naman! (Mga Isyu at Adbokasiyang Pangmanggagawa)*

Ito ang pangunahing tema ng makabayang diskurso dahil si Ka Leody mismo ay naging manggagawa sa isang pabrika sa loob ng 13 taon (Magsino, 2019). Kaugnay nito, nasaksihan niya na ang pangunahing isyu ng manggagawa ay sahod na hindi naman nakabubuhay at ang “ENDO” o kontraktuwalisasyon. Sa pangkalahatan, mababa ang sweldo, hindi sapat ang benepisyo, at relatibong walang kasiguruhan ang trabaho ng mga manggagawang ENDO. Kaugnay nito, ang kanilang estadong pinansyal ay kalunus-lunos din at lagi silang nanganganib na lalo pang mabaon sa utang kapag may mga di inaasahang pagkakagastusan gaya ng pagkakasakit sa pamilya at iba pa. (Briones, 2016)

Makikita rin ang pagtalakay ni Ka Leody sa kanyang Facebook page ang pahayag sa isyu ng “200 pisong dagdag-sahod” na bill na pasado sa Kamara na inisnab lang ng Senado. Tinuran ito bilang pagkakait ng katarungang panlipunan o social justice para sa hinahangad ng uring manggagawa (De Guzman, 2025a). Nasa Facebook post din ni Ka Leody ang kanyang pagpapaalala na papalagan pa rin ng mga kapitalista ang panukalang dagdag-sahod dahil mas importante sa mga ito ang kanilang dagdag-tubo at dahil na rin sa hindi rin naman makatao ang turing ng uring ito sa manggagawa (De Guzman, 2025b). Ang mga ganitong diskurso ay makikita sa mga piniling naratibo ni Ka Leody sa kanyang mga debateng nalahukan:

**TALAHANAYAN 1.1**
**Paliwanag sa Naratibo 1.1 ng Unang Tema (I. Manggagawa Naman, Tayo Naman!)**

| Constraints | *Structural Effects* |
|---|---|
| Content | ***Knowledge and Beliefs: KL (3:35:06):*** *Ayaw natin ng armadong pakikibaka pero kung patuloy na ginugutom ang ating mga mamamayan, kung patuloy na inaalisan nilang trabaho at ginagawang kontraktuwal ang ating mga manggagawa, […] mangyayari talaga ang pakikibakang ito hahantong sa armadong pakikipaglaban.* |
| Relation | ***Social Relationships:*** *Former Senator Ferdinand Marcos Jr. (kapwa kandidato)* |
| Subject | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

1.1- Binigyan-diin dito ng naratibo ni Ka Leody ang kontraktuwalisasyon na pahirap sa manggagawa kasama ng iba pang sa salik ng suliraning panlipunan bilang isa sa mga dahilan kung bakit humahantong sa armadong pakikibaka ang CPP-NPA. **Rebuttal** ito ni Ka leody bilang hindi pagsang-ayon kay Ferdinand Marcos Jr. sa "armed struggle" mula sa orihinal na tanong ng panelista na "*Ano ang iyong direktiba o layunin mo upang matuldukan ang mga terorismong walang-awang pumapatay ng mga taong walang kasalanan?"*- **(3:30:00), The SMNI Presidential Debate 2022**

**TALAHANAYAN 1.2**
**Paliwanag sa Naratibo 1.2 ng Unang Tema (I. Manggagawa Naman, Tayo Naman!)**

| Constraints | *Structural Effects* |
|---|---|
| Content | ***Knowledge and Beliefs: KL (3:38:00):*** *Hindi ako nakapatungkol sa ideolohiya. […] ayaw namin ng welga, ayaw namin ng rally. Mainit. Kung welga, hina-harass kami ng pulis. Pero kung kami ay pinagsasamantalahan ng mga kapitalista at ginagawa kaming kontraktuwal, pinipigilan kaming mag-unyon, ayaw dagdagan ang aming sahod, anong gagawin namin? Humahantong kami sa welga. Ayaw namin nun pero 'yon ang nangyayari […] (naubusan ng oras)* |
| Relation | ***Social Relationships:*** *Former Senator Ferdinand Marcos Jr. (kapwa kandidato)* |
| Subject | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

1.2- Mariin uling tinumbok ng naratibo ni Ka Leody na isa sa mga mabibigat na dahilan kung bakit nagkakaroon ng armadong pakikibaka sa kanayunan at welga ay ang pagiging kontraktuwal, pagpigil sa unyon, hindi pagdagdag-sahod sa manggagawa bilang **rebuttal** niyang mula sa pahayag muli ni Ferdinand Marcos Jr. na *"Kahit anong paliwanag ang gagawin mo hindi ako maaaring sumang-ayon sa ideolohiya na may kasamang "armed struggle" para pabagsakin ang gubyerno. […] wala na talaga sa batas 'yan."* **- Reaksyon mula kay Marcos Jr. (3:37:43),**

**The SMNI Presidential Debate 2022**
**TALAHANAYAN 1.3**
**Paliwanag sa Naratibo 1.3 ng Unang Tema (I. Manggagawa Naman, Tayo Naman!)**

| **Constraints** | ***Structural Effects*** |
|---|---|
| **Content** | ***Knowledge and Beliefs: KL (1:22:47):*** *Nasa isip natin 'yan na kailangan natin lalo na yung mga Micro Small and Medium Enterprises (MSME) […] Pero ang gusto nating sabihin ba ay patuloy nating pahirapan ang ating mga manggagawa? Pasahurin ng slavery wage? Ganoon? […] Gusto ba natin patuloy na alipinin ang ating mga manggagawa na siyang lumilikha ng kaunlaran ng ating bayan? Bakit hindi natin ibigay sa ating mga manggagawa ang tamang pasahod na dapat nilang tanggapin kapalit ng kanyang pinagtrabahuhan sa kumpanyang kanilang pinapasukan? […] Huwag natin purihin lang ang ating mga manggagawa (na) sila'y bayani tuwing Mayo Uno. Lagyan natin ng konkretong tulong ang ating mga manggagawa nang sa ganoon ay magkaroon ng dignidad ang ating mga manggagawa.* ***(pinutol ng modereytor ang sagutan ng dalawang kandidato)*** |
| **Relation** | ***Social Relationships:*** *Dr. Jose Montemayor Jr. (kapwa kandidato)* |
| **Subject** | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

1.3- Kontra-diskurso naman ang laman ng naratibo dito ni Ka Leody sa pamamagitan ng pagdidiinan pa rin ng pagpapataas ng sahod ng manggagawa at pagkokonteksto ng makauring jargon na "slavery wage". Ito ang **rebuttal** niya dito, *"…Gusto niyo ba sa pagtaas ng kanilang wages, parang kinakagat niyo na ang kamay na nagpapakain sa inyo? […] Do you also mind people who are owning these companies?"*- **Reaksyon mula kay Montemayor (1:22:11), CNN Philipipnes Presidential Debate 2022**

**TALAHANAYAN 1.4**
**Paliwanag sa Naratibo 1.4 ng Unang Tema (I. Manggagawa Naman, Tayo Naman!)**

| Constraints | *Structural Effects* |
|---|---|
| **Content** | ***Knowledge and Beliefs: KL, Rebuttal (2:56:00):*** *Akala ko absent si Marcos, nandito pala. Wala nang pinuri kundi mga kapitalista at wala nang kinagalitan kundi ang mga manggagawa kaya dinudurog ang hanay ng mga manggagawa […] Gusto kong sabihin na sa panahon ng COVID, 2021, 28-94% ang itinaas ng net worth ng mga kapitalista sa panahong nangyayari ang kagutuman ng ating mga mamamayan. Sobra-sobra na ang kayamanan ng mga kapitalista tapos lalaitin mo pa yung mga manggagawang siyang bumubuhay sa ating lipunan? […]* |
| **Relation** | ***Social Relationships:*** *Dr. Jose Montemayor Jr. (kapwa kandidato)* |
| **Subject** | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

1.4- Ipinikita ng naratibong ito ni Ka Leody ang agwat ng yamang nakamal ng mga kapitalista sa panahon ng COVID na kabalintunaan na nangyayari sa uring manggagawang bumubuhay sa lipunan. **Rebuttal** niya ito mula sa orihinal na rebuttal ni Dr. Montemayor Jr. sa naunang sagot ni Ka Leody na matatagpuan dito: *"… you addressed corruption. Sa mismo mga manggagawa, ang daming corruption. I have been a lawyer sa mga union. […] At nakita ko napakaraming bayaran."*- **Reaksyon mula kay Montemayor (2:54:17), CNN Philippines Presidential Debate 2022**

Kapansin-pansin na sa tuwing babanggitin niya ang ilang konsepto tungkol sa diskurso ng danas ng manggagawa, hindi puwedeng hindi sila apektado ng mga suliranin sa lipunan. Ito ay mapapolitikal man, ekonomiko, o mga basikong pangangailangan ng ordinaryong mamamayang hindi natutugunan ng pamahaalan sa kadahilanang ang manggagawa rin ang mayoryang bumubuo at bumubuhay ng ating lipunan**.**

***II. Serbisyo, Hindi Negosyo! (Panlipunang Serbisyo Para sa Mamamayan!)***

Tahasan at napapanahon pa rin ang pagkritik ng makabayang diskurso ni Ka Leody sa mga isyu pangunahing pangangailangan ng bansa. Ang Manila Water na pagmamay-ari ng Razon, ay nakapagtala ng 51% na tubo sa halagang 15.8 bilyong piso; sa kabila nito ay wala pa sa kalahati ng "Filipino household" ang may

“piped connections” sa tubig at 332 munisipalidad pa rin ang tinuturing na walang tubig o “water-less” (Esmael, 2026; Manila Standard Business, 2026, mula kay Agbon, 2025)

Sa transportasyon, nariyan ang pagtatayo ng “21 years from the project’s first-phase approval and 9 years after the start of construction” na MRT-7 na nagresulta sa pagtanggal sa 1,000 magsasaka at kanilang pamilya mula sa 300 ektaryang lupain na tatayuan ng istasyon kasabay ng mga ulat na panghaharas sa mga magsasaka ng mga gwardiya ng Araneta Properties na nagmamay-ari ng lupain (Piedad, 2025). Kinahaharap naman ng Pilipinas ang matinding krisis sa pagkain, 44.7% ng populasyon ay nahaharap sa “moderate or severe food insecurity” sa pagitan ng 2021-2023, pinakamataas na naitala sa Timong-silangang Asya (Denya, 2025).

Ito ang mga tinuligsa ni Ka Leody ang sablay na serbisyo ng isang water provider at iniuugnay hindi lang “basic right” kundi esensyal at kagyat na pangangailangan ng tao (De Guzman, 2025c). Ang diskurso na ito bilang bahagi ng konteksto ng ikalawang tema ay patungkol sa isyung panlipunang dala ng “JVAs” o Joint Venture Agreements sa pagitan ng PrimeWater na pagmamay-ari ng mga Villar at Local Water Districts (LWDs) sa buong bansa na kinokonsidera na ng gubyernong buwagin ayon sa Local Water Utilities Administration o LWUA (Gita-Carlos, 2025). Ibig sabihin, ang angkan ng dinastiyang Villar ay isa rin sa mga kalaban ng makabayang diskurso ni Ka Leody dahil sila ang karaniwang may hawak ng panlipunang serbisyo ng lipunan. Makikita rin sa satirikong Facebook post ni Ka Leody angpasaring sa pamamahala ng gubyerno sa mga pangunahing bilihing nagtataasan: “1k ang presyo ng sili kada kilo noong isang araw. Siguro, if 10k per kilo na saka tayo makakarinig ng aksyon sa gobyerno. Existing pa ba gobyerno now? Parang freestyle na lang lahat e” (De Guzman, 2026c). Narito ang mga lumutang na naratibo na sumasalamin pa rin sa mga suliraning ito:

**TALAHANAYAN 2.1**
**Paliwanag sa Naratibo 2.1 ng Ikalawang Tema (II. Serbisyo, Hindi Negosyo!)**

| Constraints | *Structural Effects* |
|---|---|
| Content | ***Knowledge and Beliefs: KL (4:36:20):*** *[…] dapat gawin ay magbigay talaga ang gobyerno ng mas mataas na atensyon dito sa sektor ng edukasyon. Dapat huwag niyang buong-buo ipinauubaya doon sa private. Nagreresulta ito ng maraming problema para doon sa ating mga mag-aaral. […] akuin niya ang responsibilidad na tiyakin na ang sektor ng edukasyon natin ay nabibigyang-prayoridad at natutugunan ang pangangailangan at tamang kurikulum na nakaayon doon sa pagbangon ng ekonomiya. Hindi dapat nakahiwalay at itulak ang private na tugunan din (edukasyon) para mag-complement para sa kanilang plano.* |
| Relation | ***Social Relationships:*** *Dante Ang III (panelist)* |
| Subject | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

2.1- Inugnay naman ng naratibo ni Ka Leody ang isyu ng edukasyon bilang panlipunang serbisyo. Mahalagang ipagdiinan sa naratibong ito na dapat tuluyan nang akuin ng gubyerno ang responsibilidad kahit sa usapin ng edukasyon. Ito ang **sagot** mula dito, *"As president, how will you execute the Constitutional provision on complementing the education so we can have a stronger educational system built on a true form of public-private partnership?"*- **(4:34:42), The SMNI Presidential Debate 2022**

**TALAHANAYAN 2.2**
**Paliwanag sa Naratibo 2.2 ng Ikalawang Tema (II. Serbisyo, Hindi Negosyo!)**

| Constraints | *Structural Effects* |
|---|---|
| Content | ***Knowledge and Beliefs: KL (7:55):*** *Ang focus […] ay pagsisimula ng pagbuhay sa ating agriculture para lumikha ng maraming pagkain. Sapat na pagkain para sa hapag-kainan ng ating mamamayan dahil sa maraming mga kabataan tayo ngayon ang malnourished, marami nagugutom […] Itigil din natin ang Rice Tarification Law. Isuspinde natin. I-repeal at magkaroon ng bagong roadmap sa pagpapaunlad ng ating agriculture para lumikha ng maraming pagkain. […] hindi puwedeng lahat na lang ng pangangailangan ay ini-import natin na napakamahal umuubos ng ating naipong yaman dito sa ating bansa.. […] lahat ng sektor ng serbisyo-- tubig, kuryente, ospital, eskwelahan, transportasyon, dapat akuin ang gobyerno 'yan bilang serbisyo at hindi negosyo ng malaking kapitalista na pinagtutubuan lang naman ng mga malalaking kapitalista at ginagawang negosyo.* |
| Relation | ***Social Relationships:*** *Luchi Cruz-Valdez (host/moderator)* |
| Subject | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

III. 1- Nakalahad naman ang agrikultural na pagpopondo rin para umunlad ang pagpapalago ng ekonomiya sa naratibong ito ni Ka Leody sa pahayag sa kasabay ng paghawak sa pangunahing panlipunang serbisyo ng pamahalaan. Inilagay din ang pagbalikwas sa importasyon at paglikha ng sariling pangangailangan ng bansa sa pamamagitan ng mga manupaktura ng ating bansa. Makikita ang **sagot** na ito sa tanong na, *"Ano ang isang sektor na uunahin mong palakasin at bibigyang-prayoridad upang mapabilis ang pag-ahon ng ating ekonomiya?"*- **(5:56), PiliPinas Debate 2022**

Sa madaling salita, hindi nalalayo ang makabayang diskurso sa Ka Leody partikular sa ikalawang tema sa napapanahong pangangailangang panlipunan ng ating bansa. Ang naturang mga serbisyo rin ay tinuturing din na "karapatang pantao" sa ilalim ng Artikulo 25, Blg. 1 ng "Universal Declaration of Human Rights" ng United Nations (1948):

> Everyone has the right to a standard of living adequate for the health and well-being of himself and of his family, including food, clothing, housing and medical care and necessary social services, and the right to security in the event of unemployment, sickness, disability, widowhood, old age or other lack of livelihood in circumstances beyond his control.

***III. Neoliberalismo, Ibagsak! (Mga Neoliberal na Batas at Mga Polisiyang Pabor sa Kapitalista at Mayayamang Bansa)***

Ang polisiyang ito ay isa sa mga pumapatay ng kalayaan ng Pilipinas sa industriyalisadong ekonomiya at iba pang lokal at pandayuhang polisiya. Ang neoliberalismo, ay "nakasandig sa ekonomismo at marketismo, naisasakatuparan sa pamamagitan ng pribatisasyon, liberalization, at deregularisasyon" (Scholte, 2005). Sa paglilinaw pa ni D.M. San Juan (2024):

> Ang globalisasyon na kahawig din ng liberalisasyon ay "tagapagtaguyod ng namamayaning bersyon ng globalisasyon ang deregulasyon (pagbabawas o pag-aalis sa mga regulasyon o limitasyon sa pagpapatakbo ng malalaking negosyo, na karaniwang humahantong sa mataas na presyo at palpak at/o di episyenteng "serbisyo"), pribatisasyon (pagbebenta ng gobyerno sa mga industriya at serbisyo sa mga pribadong korporasyon), at

> pagbabawas ng badyet para sa mga serbisyong panlipunan tulad ng kalusugan at edukasyon (p. 287)

Ang halimbawa ng ganitong mapaniil na polisiya o batas ay EPIRA Law na bagamat may mga pagbabago ay hindi naman nakatuon sa pagsasapribado ng kapangyarihan bilang ugat ng mataas na singil sa kuryente, manipulasyon sa merkado, at kakulangan sa impastraktura at ang bagong sistema na pagtataripa ni US President Donald Trump sa mga inaangkat nitong produkto sa ibang bansa kasama ang Pilipinas na "nasa 17% ang bagong antas ng taripang ipinataw" (Africa, 2025; Abril, 2025).

Kaugnay nito, direkta itong tinututulan ng makabayang diskurso ni Ka Leody katulad ng pagsisiwalat sa pag-'ayaw' kuno ng mga kapitalistang sa inflation katulad ng ECOP o Employers' Confederation of the Philippines na suspendihin ang VAT o Value-Added Tax at Excise Tax sa langis upang mabawasan ang pressure sa pagtaas ng mga bilihin at ang kanyang panawagan na pagbaligtad ng desisyon ng ERC kaugnay sa 31.34 bilyong pisong dagdag singil ng Meralco na pabor sa mga kapitalista katulad ng San Miguel, Ayala, at Panay Energy Development Corporation. (De Guzman, 2025d; De Guzman, 2026). Dagdag pa ang pagsusulong ni Ka Leody ng pambansang soberanya sa kabila ng interes ng dalawang mayamang bansang Tsina at Amerika sa isyu naman ng WPS o West Philippine Sea (Rappler, 2025). Ang mga polisiyang ito ay bunga ng puwersa ng neoliberalismong kasunduan sa mga mayayaman o kapitalistang bansang wala naman talagang pakialam sa polisiya ng Pilipinas kundi ang pagtiyak lamang ng kanilang interes sa tubo at pagpapanatili ng pandaigdigang kapital sa antas ng pambansa at dayuhang mga polisiya. Taliwas ito sa tinakda ng Artikulo 2, Seksyon 7, ng ating Konstitusyon (1986) na mariing tinutuligsa ng makabayang diskurso ni Ka Leody: "The State shall pursue an independent foreign policy. In its relations with other states the paramount consideration shall be national sovereignty, territorial integrity, national interest, and the right to self-determination", dahil ang pagpanig sa katulad ng mga bansang matagal nang gumagahasa sa ating kalikasan at kasarinlan ay hindi simbulo ng isang polisiyang nagtatampok ng ating pambansang interes. Narito ang mga lumutang na mga kaungay na naratibo na naglalaman ng ikatlong tema:

**TALAHANAYAN 3.1**
**Paliwanag sa Naratibo 3.1 ng Ikatlong Tema (III. Neoliberalismo, Ibagsak!)**

| **Constraints** | ***Structural Effects*** |
|---|---|
| **Content** | ***Knowledge and Beliefs: KL (2:14:56):*** *[…] Ang aking naiisip talaga ay maging unaligned ang ating bansa sa malalaking kapitalistang bansa sa daigdig. Tapusin ang ating military agreement sa US, ang Mutual Defense Treaty, VFA, EDCA, at pati ang relasyon natin sa China na dehadong-dehado tayo. Makipagkasundo lang tayo sa mga bansa na gagalang sa ating mga karapatan, sa ating soberanya, sa ating territorial integrity, sa ating mga panuntunan.* |
| **Relation** | ***Social Relationships:*** *Prof. Clarita Carlos (head panelist)* |
| **Subject** | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

3.1- Sinalungat ng naratibo ni Ka Leody ang mga neoliberalismong polisiyang nasa konteksto ng tanong na gagawin lamang ang Pilipinas bilang mga tau-tauhan sa giyera. Naghain ng alternatibo si Ka Leody sa termino na maging "unaligned" dapat sa mga kapitalistang bansa at sumama lamang sa mga bansa na gagalang sa soberanya ng Pilipinas. Nakita ito bilang **sagot** dito*, "Are you going to make the Philipines as the member of the QUAD?"-* **(2:14:00), The SMNI Presidential Debate 2022**

**TALAHANAYAN 3.2**
**Paliwanag sa Naratibo 3.2 ng Ikatlong Tema (III. Neoliberalismo, Ibagsak!)**

| **Constraints** | ***Structural Effects*** |
|---|---|
| **Content** | ***Knowledge and Beliefs: KL (4:09:58):*** *[…] i-revoke yung Mutual Defense Treaty, lahat 'yan pati yung (NTF)- ELCAC, VFA, dahil ang hirap nating magdesisyon kung parang mayroon baril na nakatutok sa ating ulo. Kinakailangan pati yung agreement natin sa China, putulin natin 'yan at ang mas ipalaganap natin, makiisa tayo sa iba't ibang bansa, nananawagan ng kapayapaan sa mundo, at yung nananawagan ng paglaban sa klima […], nananawagan na labanan ang kagutuman at inekwalidad sa ating bansa […] Yan ang ating samahang mga bansang ganon at hindi ang mga bansang naghahanda sa giyera.* |
| **Relation** | ***Social Relationships:*** *SMNI News Anchor MJ Mondejar (panelist)* |
| **Subject** | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

3.2- Pangunahing binubuwag ng naratibong ito ang mga neoliberalismong mga polisiya at ahensyang kumikitil sa karapatang pantao kagaya ng NTF-ELCAC,

VFA, at Mutual Defense Treaty. Sang-ayon kay Ka Leody, mahirap magdesisyon ang ating bansa dahil sa kapangyarihang taglay ng mga nabanggit. Napansin ito bilang **sagot** dito, *"Kung hinila ng America ang paa natin dahil in-invoke ang mutual defense treaty dahil hindi mo pa siya in-scuttle, ano ang magiging reaction mo bilang commander-in-chief?"-* **Follow-up na tanong (4:09:46), The SMNI Presidential Debate 2022**

Ang implementasyon ng mga polisiyang ito batay sa pagtaya ng makabayang diskurso ni Ka Leody ay nagreresulta sa paghihirap ng mamamayan ng mga maliliit na bansa dahil kontrolado lang kapitalista at mga politiko ang ekonomiya at hegemonya sa politika. Nagbubunyag ito "na halos bawat bansa, maunlad man o mahirap, lalong lumalawak ang agwat ng mayayaman at mahihirap" (D.M. San Juan, 2017)

***IV. Politika ng Masa, Kilusan ng Masa! (Pagkilala sa Rebolusyonaryong Pagkilos bilang Bagong Politika ng Masa)***

Ang temang ito ang naobserbahan bilang ahente o kumakatawan sa plataporma ng makabayang diskurso ni Ka Leody na makikita sa tatlong debate. Malaki ang relasyon nito sa unang tema sapagkat kitang-kita na ang ideolohiya ng progresibong organisasyon ni Ka Leody ang siyang tuntungan ng kanyang makabayang diskurso sa nagdaang eleksyon taong 2022—ang pagkilos mula sa lakas ng uring manggagawa. Tinatanaw nito ang pakikibaka para sa progreso at hustisyang panlipunan mula sa perspektiba ng proletaryado. Ang paninindigan nito sa lahat ng usapin, lalung-lalo na sa programa at istratehiya, ay lagi't laging mula sa punto-de-bista ng uring manggagawa (Lagman, W.P)

Gamit ang ideolohiyang manggagawa , ang ikaapat na tema ang naging sulo upang maitaguyod ang bagong politikang laman ng makabayang diskurso ni Ka Leody laban sa tradisyunal na politika. Narito ang mga lumutang na naratibo na naglalaman ng ikaapat na tema:

**TALAHANAYAN 4.1**
**Paliwanag sa Naratibo 4.1 ng Ikaapat na Tema (IV. Politika ng Masa, Kilusan ng Masa!)**

| Constraints | *Structural Effects* |
|---|---|
| **Content** | ***Knowledge and Beliefs: KL (I. 10) (3:45:48):*** *[…] Ang inhustisya sa ating bansa ay i-resolve. Yung justice system natin, hindi justice system ng mga may pera lamang. Pagka may pera ka, ligtas ka. 'Pag mahirap ka, kulong ka. […] Kahit yung eleksyon, hindi lamang dapat sa may mga pera. Kailangan yung buong sistema ng politika at ekonomiya ay maging sistema ng politika at ekonomiya ng lahat ng mamamayan. Kapag nangyari 'yan, kahit na hindi tayo makipag-peace talk tingin ko dito sa kapatid nating mga nag-aarmas, magbibitaw ng armas 'yan dahil mawawalan na ng dahilan sila para maghawak ng armas.* |
| **Relation** | ***Social Relationships:*** *SMNI News Anchor MJ Mondejar (panelist)* |
| **Subject** | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

I. 10- Ang naratibong ito ay pangsuporta sa mga naunang naratibo (**I. 9 at I. 9a**) at pagdadagdag pa ng argumento kung bakit may armadong pakikibaka na dahil sa "justice system ng may pera" at iba pang kalagayang ng politika at ekonomiya ng bansa. Nasumpungan ang **sagot** na ito sa tanong na, *"NTF-ELCAC ba ang solusyon o hindi sa problema natin sa insurhensya?"-* **(3:44:05), The SMNI Presidential Debate 2022**

**TALAHANAYAN 4.2**
**Paliwanag sa Naratibo 4.2 ng Ikaapat na Tema (IV. Politika ng Masa, Kilusan ng Masa!)**

| Constraints | *Structural Effects* |
|---|---|
| **Content** | ***Knowledge and Beliefs: KL (1:51:30):*** *Sa kasaysayan ng halalan sa Pilipinas ay nagpapakita na kung ang maboboto sa eleksyong ito ay galing na naman sa tuktok ng ating lipunan—mga milyonaryo, bilyonaryo o kaya may suportado ng bilyonaryo, trapo, at dinastiya, walang pagbabago. Hindi sapat na magpalit ng mukha ng pangulo sa Malakanyang. Ang kinakailangan natin ay baguhin talaga ang sistema ng ating gubyerno, […] baguhin natin ang ating sistema ng pagkilala sa eleksyon […] Kailangan natin ay kandidato mula sa baba ng ating lipunan. Iyon lamang at maraming salamat.* |
| **Relation** | ***Social Relationships:*** *Luchi Cruz-Valdez (host/moderator)* |
| **Subject** | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

III. 7- Nakita sa naratibong ito ni Ka Leody ang paghahain niya politikang galing mula sa ibabang saray ng lipunan upang mabago ang sistema ng pagkilala sa eleksyon. Ito ay ang eleksyong hindi galing sa milyonaryo-bilyonaryo, trapo, at dinastiyang walang dalang pagbabago. Ang naratibong ito ay nagsilibi bilang **sagot** sa **pangwakas na pahayag ni Ka Leody (1:51:30), PiliPinas Debate 2022**

Ang ikaapat na temang ito ay sumalamin sa deka-dekadang pakikibaka ng uring manggagawa at ng masa sa mga nagdaang taon ng administrasyon ng iba't ibang pangulo ng Pilipinas. Ito ay makikita sa deklarasyon ng muling pagtakbo ni VP Sara Duterte sa eleksyon 2028 sa kabi-kabilang anomalya at korapsyon na kanyang kinadadawitan at ang paglaki sa alokasyon sa pondo ng flood control projects mula 79 bilyon noong 2016 hanggang humigit 200 bilyong piso sa 2021 sa panahon naman ni dating presidente Rodridgo Duterte at pagpopondo naman ni Presidente Marcos Jr. sa 9,855 proyekto para sa flood control na nagkakahalaga naman ng 545 bilyon mula 2022 hanggang 2025 (Untalan, 2026; Gera, 2025, mula kina Villanueva, 2025, at PCIJ, 2025)

Ang korapsyon at politikal dynasty na kinasasangkutan ng administrasyon at ngayon ng hidwaang Marcos-Duterte ay nagtulak sa panawagan ni Ka Leody ng "pananagutan" noong 40$^{tH}$ EDSA People Power Anniversary sa mga nasa "tuktok ng pamamahala" ng ating bansa, pagwawakas ng korapsyon bilang dinastiyang politikal ang ugat nito pati ang pagsuporta niya sa HB No. 209 na inihain noon ng ACT (Alliance of Concerned Teachers) Partylist na naglalayong supilin din ang naturang dinastiya (De Guzman, 2026b; De Guzman 2025e)

### *V. Hustisyang Pangklima, Ngayon Na! (Ang Climate Justice Bilang Bahagi ng Hustisyang Panlipunan)*

Hindi mapapasubaliang may pokus din ang makabayang diskurso ni Ka Leody na tutulan ang mga pangyayari na nakasisira ng kalikasan na kadalasan ang pangunahing sanhi ay ang mapagsamantalang aktibidad ng malalaki at kapitalistang bansa sa ngalan ng ganid at tubo. Bunsod nito ang panawagan na hustisyang pangklima na nakaugat sa pinagmulan ng pagbabago ng klima at paglansag nito sa mga aktibidad tulad ng pagsusunog ng fossil fuel, pagsira ng mga natural resources, at iba pang magpagsamantalang gawaing pasimuno ang sistemang kapital habang hinihikayat nito ang ibang bansa na sumamang labanan ang mga ito (Sultana, 2021). Makikita rin ang pagpipilit ng naratibo ni Ka Leody na mapag-usapan ang isyung pangklima kahit hindi ito ang kontektso ng tanong sa kanyang debateng nilahukan. Gayumpaman, nagawa pa ring isingit ni Ka Leody ang huling

temang ito dahil napakahalagang mabatid ng tao ang kondisyong pangklima ng mundo. Narito ang mga lumutang na naratibo na naglalaman ng ikalima na tema:

**TALAHANAYAN 5.1**

**Paliwanag sa Naratibo 5.1 ng Ikalimang na Tema (V. Hustisyang Pangklima, Ngayon Na!)**

| Constraints | *Structural Effects* |
|---|---|
| **Content** | ***Knowledge and Beliefs: KL (3:18:30):*** *[…] Una, sa labor-first policy ay ipatitigil ko ang ang contractualization. Ipasasara ko ang lahat ng manpower agency. Pangalawa, automatic itatas ang sahod ng lahat ng mga manggagawa sa probinsya kapantay ng sa Metro Manila. Ang gagawin (na) susunod yung 750 pesos (sahod). […] Yung climate in two years ipapasara natin ang coal plant kasi 'yan ang pinakamaruming enerhiya sa ating mundo na siyang nagpapahirap sa atin. And at the same time ipapanawagan at tututukan natin na dapat sa panahon na ito, manggagawa naman hindi kapitalista.* |
| **Relation** | ***Social Relationships:*** *Pinky Webb (moderator)* |
| **Subject** | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

5.1- Detalyadong ipinaliwanag ni Ka Leody ang naratibo kung bakit kailangang dapat ipasara ang coal plant bilang kaugnay na isyu ng climate change kasama ang konspeto ng "labor-first policy" bilang **sagot** sa tanong na, *"How quickly can Filipinos feel your leadership?-* **(3:18:00), CNN Philippines Presidential Debate 2022**

**TALAHANAYAN 5.2**

**Paliwanag sa Naratibo 5.2 ng Ikalimang na Tema (V. Hustisyang Pangklima, Ngayon Na!)**

| Constraints | *Structural Effects* |
|---|---|
| **Content** | ***Knowledge and Beliefs: KL (4:08:09):*** *[…] Kung magkakaroon man ng giyera, ang ating (dapat) gigiyerahin ay yung problema nating kinakaharap sa klima. Meron tayong climate emergency ngayon. […] Yung krisis sa klima at yung krisis sa kabuhayan ng buong mundo. Yung kagutuman—huwag yung parang pagpapalakas ng armas natin para paghandaan ang pagkipaggiyera sa iba—talo tayo dyan, […] ang nananalo dyan yung mga korporasyon ng mga gumagawa ng bala at armas, sila ang masaya dyan…* |
| **Relation** | ***Social Relationships:*** *Prof. Clarita Carlos (head panelist)* |
| **Subject** | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

5.2- Natagpuan dito ang mariing tuon ng naratibo ni Ka Leody na unahin ang hustisyang pangklima kaysa sa usapin ng giyera at pakikipag-alyansa sa Russia. Nakita ito bilang **sagot** sa tanong na, *"As our future chief executive, would you agree to a status of forces agreement with Russia?"*- **(3:59:50), The SMNI Presidential Debate 2022**

**Kapangyarihan ng Wika sa Diskurso ni Ka Leody**

Naipakita ni Ka Leody ang **kapangyarihan ng wikang Filipino** sa pamamagitan ng kanyang **signipikasyon sa mga makauring jargon**. Ang signipikasyon ay ang pagpapaliwanag o pagpapakahulugan ni Ka Leody sa kanyang mga programa at plataporma sa debate gamit ang mga termino o mga jargon na sumisimbolo dito. Dayalektikal na lohika ang ginamit na pagtalakay sa mga jargon (Campoamor II, 2018) sapagkat ang plataporma at programa ni Ka Leody ay malalim na kinuha sa tunay na pangangailangan at adbokasiya ng mga maraming sektor ng lipunan at hindi lang binatay sa interes ng tubo at iilan. Naging tulong ito upang maipakita ang kanyang kandidatura na iba sa katunggali sa eleksyon. Kaugnay nito, nakatipon ang pag-aaral na ito ng **26 na makauring jargon** na binigyang-linaw sa mga naratibong galing sa debate ng makabayang diskurso ni Ka Leody. Makikita ang tematikong pagkakaayos ng mga makauring jargon sa talahanayan sa ibaba:

**TALAHANAYAN 6.1**
**Mga Makauring Jargon na Nalikom (Tematiko)**

| Mga Tema ng Diskurso ni Ka Leody | Mga Makauring Jargon ng Makabayang Diskurso ni Ka Leody |
|---|---|
| **I. Manggagawa, Naman, Tayo Naman!** (Mga isyu at adbokasiyang pangmanggagawa) **(5 jargon)** | *1. "manggagawa naman, hindi kapitalista"*<br>*2."regular"*<br>*3. "dagdag-dagdag sahod"*<br>*4. "750 pesos minimum wage"*<br>*5. "labor-first policy"* |
| **II. Serbisyo, Hindi Negosyo!** (Panlipunang serbisyo para sa mamamayan) **(3 jargon)** | *6. "serbisyo, hindi negosyo"*<br>*7. "ekonomiya ng masa"*<br>*8. "sariling industriya"* |
| **III. Neoliberalismo, Ibagsak!** (Mga neoliberal na batas at mga polisiyang pabor sa kapitalista at mayayamang bansa) **(6 jargon)** | *9. "independent foreign policy"*<br>*10. "unaligned"*<br>*11. "economic diplomacy"*<br>*12. "wealth tax"*<br>*13. "People's Initiative"*<br>*14. "sisimulan ko"* |

| **Mga Tema ng Diskurso ni Ka Leody** | **Mga Makauring Jargon ng Makabayang Diskurso ni Ka Leody** |
|---|---|
| **IV. Politika ng Masa, Kilusan ng Masa!** (Pagkilala sa rebolusyonaryong pagkilos bilang bagong politika ng masa) **(11 jargon)** | *15. "kalayaan at demokrasya"*<br>*16. "hustisyang panlipunan"*<br>*17. "rebolusyon"*<br>*18. "armadong pakikibaka"*<br>*19. "welga, rally, o protesta"*<br>*20. "pag-uunyon"*<br>*21. "politika at ekonomiya ng lahat"*<br>*22. "rebolusyonaryong grupo"*<br>*23. "lipunang pagbabago"*<br>*24. "peace talks"*<br>*25. "politika ng masa"* |
| **V. Hustisyang Pangklima, Ngayon Na!** (Ang Climate Justice bilang bahagi ng hustisyang panlipunan) **(1 jargon)** | *26. "climate emergency"* |
| **KABUOAN:** | ***26 makauring jargon*** |

Ang makabayang diskurso ni Ka Leody ay nakatahi sa wikang Filipino na sumasalamin sa kanyang danas bilang isang manggagawang Pilipinong na makikita rin sa danas ng mamamayang Pilipino. Kung gayon, taglay ng wikang Filipino ang kapangyarihang maipaunawa sa mamamayan ang plataporma na "Manggagawa Naman, Tayo Naman" sapagkat ang wikang ito ay nakaugat sa lipunang pinagmulan ng danas ng masa at ang uring manggagawa na pinagmulan naman ni Ka Leody.

Gayumpaman, hindi naman maitatanggi ang wikang Ingles bilang dominanteng wikang gamit ng may kapangyarihan sa larangan ng politika, kultura, at ekonomiya ng bansa. Sa suri ni Maceda (2003), malinaw na ang oposisyon sa Filipino bilang wikang pambansa ay hindi naman galing sa ibaba kundi sa mga may hawak ng kapangyarihan (p. 104). Kung gayon, maituturing na ang wikang Filipino bilang behikulo ng makabayang diskurso ni Ka Leody, ay wika ng kontra-hegemonya. Una, nananalaytay sa mga katulad ni Ka Leody na isang organikong intelektuwal, ang kapasidad na pangunahan ang uring manggagawa at masa tungo sa makauring kamalayan na nagbibigay daan naman na magkaroon ng lakas para magtambuli ang dalawang nabanggit ng panlipunang pagbabago sa pamamagitan ng wikang Filipino. Ang ganitong relasyon ng namumuno at pinamumunuan ay kakikintalan ng konsepto ng hegemonikong sistema ni Gramsci (1975): "In the hegemonic system, there is democracy between the leading group and the groups that are led to the extent that the legislation favors the transition from the groups that are led to the leading group." (Notebook 8, Seksyon 191). Ito ang kapangyarihan ng

wikang Filipinong lumalansag at nagsisiwalat sa pagiging tradisyunal ng politika at plataporma ng kapwa niya kandidato sa kabuuan.

**Ang Makabayang Diskurso ni Ka Leody bilang Kontra-Hegemonya**

Ang makabayang diskurso ni Ka Leody ay isang kontra-hegemonya sa tulong pa rin ng makauring jargon upang maisiwalat ang "tunggalian ng uri" sa diskursong elektoral ng ating bansa. Signipikasyon pa rin ang pamamaraan pero ginagamit na rin ang jargon mula sa tradisyunal na politika o mga namamahala ng bansa (naghaharing-uri) para isiwalat ang diskurso nito bilang hegemonya ng tradisyunal na politika. Sa pamamagitan nito, nagiging kontra-hegemonya na sa wika ang kapangyarihan ng wikang Filipino dahil nilalabanan ang jargon na patungkol sa naghaharing-uri ng mga makauring jargon ng makabayang diskurso ni Ka Leody. Makikita ito sa talahanayan sa ibaba:

**TALAHANAYAN 6.2**
**Mga Makauring Jargon at Jargon Patungkol sa Naghaharing-uri na Nalikom (Tematiko)**

| Mga Tema ng Makabayang Diskurso ni Ka Leody | Mga Makauring Jargon ng Makabayang Diskurso ni Ka Leody | Mga Jargon tungkol sa Naghaharing-uri |
|---|---|---|
| **I. Manggagawa Naman, Tayo Naman!** (Mga isyu at adbokasiyang pangmanggagawa) **(5 makauring jargon)** (5 jargon ng naghaharing uri) | *1. "manggagawa naman, hindi kapitalista"*<br>*2."regular"*<br>*3. "dagdag-dagdag sahod"*<br>*4. "750 pesos minimum wage"*<br>*5. "labor-first policy"* | *1. "kontraktuwalisasyon"*<br>*2. "slavery wage"*<br>*3. "manpower agency"*<br>*4. "bilyonaryo-milyonaryo"*<br>*5. "negosyante at kapitalista"* |
| **II. Serbisyo, Hindi Negosyo!** (Panlipunang Serbisyo para sa mamamayan) **(3 makauring jargon)** **(3 naghaharing uri)** | *6. "serbisyo, hindi negosyo"*<br>*7. "ekonomiya ng masa"*<br>*8. "sariling industriya"* | *6. "import-dependent, export-oriented"*<br>*7. "trickle-down theory"*<br>*8. "trade agreement"* |

| Mga Tema ng Makabayang Diskurso ni Ka Leody | Mga Makauring Jargon ng Makabayang Diskurso ni Ka Leody | Mga Jargon tungkol sa Naghaharing-uri |
|---|---|---|
| **III. Neoliberalismo, Ibagsak!** (Mga neoliberal na batas at mga polisiyang pabor sa kapitalista at mayayamang bansa) **(6 makauring jargon) (9 jargon ng naghaharing uri)** | *9. “independent foreign policy”*<br>*10. “unaligned”*<br>*11. “economic diplomacy”*<br>*12. “wealth tax”*<br>*13. “People’s Initiative”*<br>*14. “sisimulan ko”* | *9. “Rice Tarrification Law”*<br>*10. “VAT” (Value-added Tax)*<br>*11. “Excise Tax”*<br>*12. “Oil Deregulation Law”*<br>*13. “Estate Tax”*<br>*14. “WTO”*<br>*15. “Mutual Defense Treaty”*<br>*16. “VFA” (Visiting Forces Agreement)*<br>*17.“EDCA” (Enhanced Defense Cooperation Agreement)* |
| **IV. Politika ng Masa, Kilusan ng Masa!** (Pagkilala sa rebolusyonaryong pagkilos bilang bagong politika ng masa) **(11 makauring jargon) (9 jargon ng naghaharing uri)** | *15. “kalayaan at demokrasya”*<br>*16. “hustisyang panlipunan”*<br>*17. “rebolusyon”*<br>*18. “armadong pakikibaka”*<br>*19. “welga, rally, o protesta”*<br>*20. “pag-uunyon”*<br>*21. “politika at ekonomiya ng lahat”*<br>*22. “rebolusyonaryong grupo”*<br>*23. “lipunang pagbabago”*<br>*24. “peace talks”*<br>*25. “politika ng masa”* | *18. “panunupil”*<br>*19. “inhustisya”*<br>*20. “justice system ng may pera”*<br>*21. “kahirapan”*<br>*22. “terorista”*<br>*23. “trapo”*<br>*24. “dinastiya”*<br>*25. “magnanakaw na politiko”* |
| **V. Hustisyang Pangklima, Ngayon Na!** (Ang Climate Justice bilang bahagi ng hustisyang panlipunan) **(1 makauring jargon) (1 jargon ng naghaharing uri)** | *26. ”climate emergency”* | *26. “climate change”* |
| **Kabuoan** | ***26 makauring jargon*** | ***26 jargon ng naghaharing uri*** |

May mga jargon ding kasabay na binigyang-signipikasyon ng makabayang diskurso ni Ka Leody at ng kanyang kapwa kandidato mula sa tradiyunal na politika. Halimbawa, ang mga makauring jargon na “armadong pakikibaka” at/o digmang bayan na mula sa ideolohiya ng CPP-NPA ay tinuran ni Ferdinand Marcos Jr., kapwa kandidato na “wala sa batas” at maituturing “rebelyon” ang pagbabago ng gubyerno gamit ang dahas (The Manila Times, 2022) habang taliwas ang signipikasyon ng makabayang diskurso ni Ka Leody mula sa ikaapat na tema. Narito ang piling naratibo para sa paliwanag:

**TALAHANAYAN 7**

**Paliwanag sa Naratibo 7 ng Ikaapat na Tema (IV. Politika ng Masa, Kilusan ng Masa!)**

| **Constraints** | ***Structural Effects*** |
|---|---|
| **Content** | ***Knowledge and Beliefs: KL (3:49:07):*** *Ako ay hindi sang-ayon na sila ay terorista. Ako tingin ko sila ay isang rebolusyonaryong grupo na naghahangad ng panlipunang pagbabago at hustisya. ‘Yan ay resulta ng pagkakamal, pagsasamantala ng iilan sa ating lipunan na ginagamit ang mga mamamayan, ang mga manggagawa para sa pagkakamal nila ng yaman at gumagamit ng dahas kapag lumalaban ang mga naapi. At […] ‘yan ang nagtutulak […] kung bakit sila nag-aarmas. Kaya kinakailangan natin na magkaroon ng totoong demokrasya sa ating bansa. Demokrasya na hindi nasa iilan lamang na nasa tuktok ng ating lipunan na nagpapayaman nang nagpapayaman at yung mamamayan natin na nasa baba ay pinaghihirap nang pinaghihirap. Hanggat ganyan ang sistema ng ating lipunan, hindi mawawala ang paglaban mula sa welga, protesta, hanggang pumunta doon sa paghahawak ng armas. Kaya wakasan natin ang ganoong klase ng pagsasamantala ng iilan laban sa mga mamamayan.* |
| **Relation** | ***Social Relationships:*** *SMNI News Anchor MJ Mondejar (panelist)* |
| **Subject** | ***Social Identities:*** *Ka Leody (lider-manggagawa/kandidato* |

7- Mariing pagkontra naman ito ng naratibo ni Ka Leody sa pangre-redtag sa CPP-NPA bilang terorista. Binigyan niya ng signipikasyon ang isyung ito nang ituring niya ang armadong hanay bilang “rebolusyonaryong grupo na naghahangad ng panlipunang pagbabago”. Nasaksihan ito bilang **sagot** sa tanong na, *“Kaibigan ba o kaaway ang CPP-NPA?”-* **(3:48:27), The SMNI Presidential Debate 2022**

Ang pakikipaggitgitan ng signipikasyon ni Ka Leody dito sa makauring jargon na binibigyang-signipikayon din ng katunggali sa debate ay malinaw na manipestasyon ng pag-igting ng wikang Filipino bilang kontra-hegemonya sa tradisyunal na politika.

## KONGKLUSYON

### Ang Panawagang "Manggagawa Naman, Tayo Naman" ang Nagtataguyod sa Makabayang Diskurso ni Ka Leody

Ang pangunguna ng abanteng kilusang-manggagawa ang siyang naging puwersa at maituturing na katalistang ahente upang maisakatuparan ang kilusang-masang daan sa tungo sa hustisyang sosyal na hinahangad noon (Torres-Yu, 2012, p. 32) at ngayon sa ating lipunan. Mas lalo pa itong naitampok ni Ka Leody sa kanyang **apat (4) na rebuttal (1.1, 1.2, 1.3,** at **1.4)** na nasa unang tema **(I. Manggagawa Naman, Tayo Naman!)** dahil bagamat hindi patungkol sa uring manggagawa ang tanong, laging ang balik-naratibo ni Ka Leody ay ang konteksto ng adbokasiya, panawagan, at karanasan ng isang manggagawa. Marapat lamang na bigyang-tuon ito para linawin na hindi dahil sa limitado ang kaalaman ni Ka Leody sa mga isyung pinupukol sa kanya ng mga tanong o reaksyon mula sa debate, kundi dahil ang makabayang diskurso ni Ka Leody ay laging nakakatig sa ideyang proletaryado—na lahat ng isyung politikal at sosyo-ekonomiko ay malaki ang gampanin at/o epekto nito sa uring manggagawa.

Dagdag pa, ang makabayang diskurso ay hindi lang nakatuon sa pagpapaunlad ng sariling bayan kung hindi dapat maging tulay ito sa paghahangad ng pangkalahatang pagbabago sa buong mundo. Sa katunayan, dalawa **(III. Neoliberalismo, Ibagsak! At V. Hustisyang Pangklima, Ngayon Na!)** sa mga tema ay inklusibong mga adbokasiyang lumalampas sa isyung pambansa—mula sa pagkondena at tangkang pagwasak ng neoliberalismong polisiya at batas na galing sa mga mayayaman at kapitalistang bansa hanggang sa isyung pangklimang sapul ang buong mundo. Sa retorikang perspektiba, aanhin pa ang pakikibaka ng uri, kung wala nang dadatnang mundong ligtas sa nagbabago at mabalasik na pagkasira ng kalikasan dulot ng sistemang iilan lamang ang nakikinabang? Sa madaling sabi, kung pagbabatayan ang makabayang diskurso ni Ka Leody, ito ay dapat maisagawa sa pamamagitan ng ugnayan ng mga karanasan, adbokasiya, at mga panawagan ng manggagawa ng buong sanlibutan. Magandang simulain ito ng pagkikibaka upang hindi mamatay ang ganitong uri ng abanteng politikal na diskurso—lokal man o internasyunal. Kung hindi masusundan, may badyang

mas bumagal pa ang proseso nito mula sa kagyat at pautay-utay na tagumpay ng bawat kilusang-manggagawa sa lahat ng bansa.

Ang makabayang diskurso ay hindi lang dapat nananatili sa pagsasalaysay ng pambansang karanasan at kasaysayan, ngunit mas umuugnay pa sa mas matataas na isyu kasama ang iba pang mga bansang nagnanais din ng hustisyang sosyal sa buong mundo.

**Ang Paghawak sa *Consraints* at Moda ng Produksyon Tungo sa Hustong Potensyal ng Kapangyarihan ng Wikang Filipino**

Maisasakatuparan ang paggamit sa mas mataas na kakayahan ng kapangyarihan ng wikang Filipino bilang daluyan ng makabayang diskurso kung mahahawakan ng abanteng hanay ng kilusang-manggagawa ang kontrol ng moda ng produksyon nito o mga *constraints* sa larangan ng pagdidiskurso. Ang mga sagabal sa pag-unlad ng wikang ito sa panlipunang diskurso ay mas nagkukulong o nagkokontrol sa mga nasa laylayan ng lipunang magsalita ng kanilang karanasan, adbokasiya, at mga panawagan. Ang establisyimentong lumikha sa tatlong debate, halimbawa, ay maituturing na "plethora of constraints" sang-ayon kay Fairclough (1989) na malaki ang kinalaman sa mga tanong na nakahanda na nakaiimpluwensya sa paglalatag ng makabayang diskurso.

Sa usaping panlipunan naman, imposibleng maganap ang inaasahang "tunay" na pag-unlad ng wikang Filipino na nakaugat sa kalagayang-panlipunan ng mga nasa laylayan kung hindi mapagwawagian ang adbokasiya at panawagan ng uring manggagawa at masa dahil ang wika ay hindi lamang pangkomunikasyon kundi kultura at sensibilidad mismo ng lipunan (De Quiros, 1996). Ang wikang Filipino kung ganoon ay uunlad sa paraang dayalektikal gamit ang kontra-hegemonya sa wika at pag-ako ng responsibilidad ng abanteng hanay ng kilusang-manggagawa sa moda ng produksyon ng politika ng lipunan bilang pagkuha rin ng responsibilidad sa moda ng produksyon ng pagdidiskurso-- isang dakilang gawain sa konteksto ng kontra-hegemonya sa wika at lipunan. Makatutulong din ang "pagpapalakas ng partido at alyansang politikal na nakaugat sa kilusang manggagawa na nagkakaisa sa maraming panukalang makamanggagawa bagamat magkakaiba at may hidwaang ideolohikal na hindi naman basta-basta mareresolba" (D. M. San Juan, 2023).

Kung mangyayari ito, magbabago ang tradisyunal na politikang nagpapahirap sa masa, sa bayan, o maging sa ibang panig ng mundo gamit ang progresibong anyo ng wikang Filipino na maaaring maging balangkas ng iba pang umiiral na wika ng manggagawa at masa.

**Ang Patuloy na Pag-igiting ng "Tunggalain ng Uri" Gamit ang Makabayang Diskurso Bilang Kontra-Hegemonya**

Siguradong titining ang banggaan ng magkaibang interes ng may hawak ng tradisyunal na politika at katulad ng alternatibong platapormang bitbit ng makabayang diskurso ni Ka Leody bilang kontra-hegemonya—sa wika man at sa lipunan. Kasabay nito ang pag-igting din ng signipikasyon na magsisilang pa ng napakaraming makauring jargon ng panawagan at mga pagkilos hanggang sa maitayo ang bagong politikang nasa naratibo ng makabayang diskurso ni Ka Leody at mga progresibong kilusang naghahanap ng hustisyang sosyal bilang kontra-hegemonyang magpapataob sa lumang diskurso ng politika ng Pilipinas. Ang pangyayaring ito ay maaaring magsilbing tuntungan upang magaya rin ng mga bansang humaharap sa inhustiyang panlipunang dala ng namamayaning politikal na sistema sa mundo.

**MGA SANGGUNIAN**

[ANC 24/7]. (Marso 21, 2022). *FULL: Comelec Presidential Debate 2022 | ANC.* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=QuFS1kuq29w

[NewsWatchPlusPH]. (Pebrero 27, 2022). *CNN Philippines 2022 Presidential Debate.* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=88HYDSc93wQ

[The Manila Times]. (Pebrero 15, 2022). *The SMNI Presidential Debate 2022 | February 15, 2022.* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=RWO3OCW0ggA

Abiva, R. B. E. (2024). MUHON AT PASYOK: ANG DISKURSO SA WIKA AT POLITIKA SA UNANG SEKSIYON NG THE LANGUAGE PROBLEM OF THE FILIPINOS MONOGRAPH (1932) NI DR. MANUEL VIOLA GALLEGO. *Researchgate*. https://www.researchgate.net/profile/Rene-Abiva/publication/383709023_MUHON_AT_PASYOK_ANG_DISKURSO_SA_WIKA_AT_POLITIKA_SA_UNANG_SEKSIYON_NG_THE_LANGUAGE_PROBLEM_OF_THE_FILIPINOS_MONOGRAPH_1932_NI_DR_MANUEL_VIOLA_GALLEGO/links/6713524f069cb92a811b6536/MUHON-AT-PASYOK-ANG-DISKURSO-SA-WIKA-AT-POLITIKA-

SA-UNANG-SEKSIYON-NG-THE-LANGUAGE-PROBLEM-OF-THE-FILIPINOS-MONOGRAPH-1932-NI-DR-MANUEL-VIOLA-GALLEGO.pdf

Abril, M. A. (Mayo 13, 2025). Taripa ni Trump, ano ang epekto sa Pilipino?. Pinoy Weekly. https://pinoyweekly.org/2025/05/taripa-ni-trump-ano-ang-epekto-sa-pilipino/

Abubakar. (Nobyembre 10, 2019). Narrative Approach in Research Study. *Health Without Gaps Foundation.* https://www.healthwithoutgaps.org/narrative-approach-in-research-study/

Abueva, J. V. (1992). PAMBANSANG WIKA AT ANG ISYU NG INTELEKTWALISASYON. *Studocu.* https://www.studocu.com/ph/document/polytechnic-university-of-the-philippines/intelektuwalisasyon-ng-wikang-filipino/pambansang-wika-at-ang-isyu-ng-intelektwalisasyon-dr-jose-v-abueva-1992/18685186

Africa, S. (Pebrero 28, 2025). EPIRA beyond reform. IBON. https://www.ibon.org/epira-beyond-reform/?tztc=1

Borja L. A. at Hecita, J. (Marso 4, 2022) The 2022 Philippine Elections Primer: A Democratic Citizenship Perspective. *Asia Democracy Research Network Year Seven*. http://adrnresearch.org/publications/list.php?at=view&idx=236&ckattempt=1

Briones, J. K. R. (2016). Piling-kwentong-buhay ng mga maggagawang endo sa sektor ng fast food batay sa padron ni Oscar Lewis. *Animo repository.* https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_masteral/5604/

Campoamor II, G. A. (2018). *Wika at Pasismo. Politika ng Wika at Araling Wika sa Panahon ng Diktadura*. Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman. 91-95. https://upd.edu.ph/wika-at-pasismo-politika-ng-wika-at-araling-wika-sa-panahon-ng-diktadura/

Cerda, C. C. (2020). Sa Kabila ng Pagkatalo: Ang Uring Tagagabay, Katwirang Pangkasaysayan, at ang Diskurso ng Kasarinlan at Kalayaan sa Ang Singsing ng Dalagang Marmol ni Isabelo de los Reyes. Philippine Humanities Review. 22 (1). 57. https://www.researchgate.net/publication/362296620_Sa_Kabila_ng_Pagkatalo_Ang_Uring_Tagagabay_Katwirang_

Pangkasaysayan_at_ang_Diskurso_ng_KasarinIan_at_KaIayaan_sa_Ang_Singsing_ng_Dalagang_Marmol_ni_Isabelo_de_los_Reyes

De Guzman, L. Q. (2025a). SENADONG ISNABERO SA DAGDAG-SAHOD. [Infographic]. *Facebook*. https://www.facebook.com/hoto/?fbid=1279223400878143&set=pb.100063714849748.-2207520000

De Guzman, L. Q. (2025b). SULONG MGA MANGGAGAWA!. [Infographic]. *Facebook*. https://www.facebook.com/hoto/?fbid=1271258055008011&set=pb.100063714849748.-2207520000

De Guzman, L. Q. (2025c). Walang laman ang sagot ng Prime Water, sa sinasabing imbestigasyon ng Malakanyang sa mga reklamo sa palpak na serbisyo nito. [Infographic]. *Facebook.* https://www.facebook.com/hoto/?fbid=1302310411902775&set=pb.100063714849748.-2207520000

De Guzman, L. Q. (2025d). ANG FOSSIL FUEL AY INFLATIONARY. [Infograpchic]. *Facebook.* https://www.facebook.com/hoto/?fbid=1284787706988379&set=pb.100063714849748.-2207520000

De Guzman, L. Q. (2025e). NGAYON PA LANG, TAGUMPAY NA!. [Infographic]. Facebook. https://www.facebook.com/hoto/?fbid=1246370780830072&set=pb.100063714849748.-2207520000

De Guzman, L . Q. (2026a). HINARAP tayo ni Chairperson Saturnino Juan ng Energy Regulatory Commission (ERC) tungkol sa isyu ng P31.34 bilyong dagdag singil sa billing ng Meralco na magsisimula ngayong Marso. [Caption]. Facebook. https://www.facebook.com/share/p/1bQaU1K54q/

De Guzman, L. Q. (2026b). Tayo ang EDSA. [Video]. Facebook. https://www.facebook.com/share/r/18QVZp7dZE/

De Guzman, L .Q. (2026c). 1k ang presyo ng sili kada kilo noong isang araw. [Facebook Post]. Facebook. https://www.facebook.com/share/p/18TnAUWvAh/

De Quiros, C. (1996). Ang Kapangyarihan ng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan. *Daluyan Journal*. TOMO VII, Blg. 1-2. https://www.quezon.ph/wp-content/uploads/2007/04/conrado-de-quiros-1.pdf

DECLARATION OF PRINCIPLES AND STATE POLICIES. (Oktubre 15, 1986). *Supreme Court E-Library.* https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/45/25507

Dejito, J. (Mayo 1, 2022). Ka Leody De Guzman, “Manggagawa Naman”. *atenews.ph*. https://atenews.ph/ka-leody-de-guzman-manggagawa-naman

Denya, T. S. (Abril 14, 2025). Philippines faces deepening food crisis. Development aid. https://www.developmentaid.org/news-stream/post/194100/philippines-food-crisis

Dimzon E. L. at Barrios, J. E. (2020). Pinusong sa Panahon ng “Veerus”: Ang Tula sa Internet Bilang Kontra-Pusong. *Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, sining at Araling Pilipino*. 6. 41-59. https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/katipunan/index

Esmael, K. L. (Pebrero 27, 2026). Manila Water income soars 51% to P15.8B in 2025. Inquirer. https://www.msn.com/en-ph/news/other/manila-water-income-soars-51-to-p15-8b-in-2025/ar-AA1XbazI?ocid=entnewsntp&pc=U531&cvid=69a19d3ffa424ba5b23f75e79ccf09f1&cvpid=f54d674f52f140a5ccdda09b9dde07ff&ei=23

Fairclough, N. (1989). *Language and Power: Second Edition*. Routledge. 49-63. https://www.researchgate.net/publication/49551220_Language_and_Power

Fuller, K. (2015). *The Lost Vison: Philippine Left 1986-2010*. University of the Philippine Press. 374-382. https://zlibrary.to/filedownload/the-lost-vision-the-philippine-left-1986-2010

Gaillard, J. (2024). Balat, Maskara, at Wika: Karanasan ng isang Dayuhan sa Pilipinas. *Dalumat*. 10 (1). https://animorepository.dlsu.edu.ph/dalumat/vol10/iss1/6/

Gera, W. (Oktubre 2, 2025). Reckoning for Accountability in the Philippines’ Climate Risk Governance. UP CIDS. https://cids.up.edu.ph/flood-control-fiasco-a-policy-reckoning-for-accountability-in-the-philippines/#_ftn5

Gita-Carlos, R. A. (Hulyo 4, 2025) LWUA looking to solve PrimeWater woes but JVA termination possible. *Philippine News Agency.* https://www.pna.gov.ph/articles/1253590

Gramsci. A. (1975). Prison Notebooks Volume III. Columbia University Press. https://z-library.sk/book/QRM14pMBRV/prison-notebooks.html?dsource=recommend

Guerrero. A. (1970). Lipunan at Rebolusyong Pilipino. *Wordpress.* https://aklatangtibak.wordpress.com/wp-content/uploads/2013/05/lrp.pdf

Lagman, F. (W.P). Mga Teses. *Filemon 'Ka Popoy' Lagman Archive*. https://www.marxists.org/tagalog/lagman/works/theses.htm

Maceda, T. G. (2003). The Filipino National Language: Discourse on Power. *SEAlang*. http://sealang.net/sala/archives/pdf8/maceda2003filipino.pdf

Magsino, D. (Pebrero 9, 2019). De Guzman, factory worker for 13 yrs, says capitalistic interests hinder passage of anti-endo law in Congress. *GMA News. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/684292/de-guzman-factory-worker-for-13-yrs-says-capitalistic-interests-hinder-passage-of-anti-endo-law-in-cong/story/?utm_source=chatgpt.com*

Manila Standard Business. (Pebrero 26, 2026). Philippine water districts struggle with supply gaps despite abundant resources, study finds. Manila Standard. https://manilastandard.net/business/314707714/philippine-water-districts-struggle-with-supply-gaps-despite-abundant-resources-study-finds.html#google_vignette

Melsa, V. (Marso 27, 2020). Leody de Guzman biography, education, advocacy, background. *KAMI.* https://kami.com.ph/108821-leody-de-guzman-biography-education-advocacy-background.html

Mendoza, L. S. (2011) ANG USAPING PANG-WIKA SA BAGONG YUGTO NG PANTAYONG PANANAW: ANG PANLOOB NA HAMON NG PLURALISMO. *Social Science Diliman*. 7 (1). 37-62. https://journals.upd.edu.ph/index.php/socialsciencediliman

Ombay, G. (Marso 6, 2024). Ka Leody bares plans on education reform, other youth issues. *GMA News.* https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/824075/ka-leody-bares-plans-on-education-reform-other-youth-issues/story/

Piedad, M. (Marso 7, 2023). 19 years and counting: The story of MRT-7. IBON. https://www.ibon.org/19-years-and-counting-the-story-of-mrt-7/

San Juan Jr., E. (2017). Mapagpalayang Pagbabago: Anibersaryo ng 1917 Bolshevik Revolution at ang Pambansang Demokratikong Himagsikan ng Sambayanang Filipino. Malay. 29 (2). https://animorepository.dlsu.edu.ph/malay/vol29/iss2/8/

San Juan Jr., E. (2022). Pagdulog sa 'Gapo ni Lualhati Bautista: Rasismo, Maskulinistang Ideolohiya, at Himagsik ng Anakpawis sa Isang Alegoryang Pambansa. *Malay*. 34 (2). Pp. 1-15. https://animorepository.dlsu.edu.ph/cgi/viewcontent.cgi?article=1050&context=malay

San Juan Jr., E. (2024a). Apolinario Mabini—Diyalektika ng Representasyon at Pahiwatig sa Buhay at Gawa ng "Dakilang Lumpo". *MALAY*. 36 (2). Pp. 26-44. https://animorepository.dlsu.edu.ph/malay/vol36/iss2/5/

San Juan Jr., E. (2024b). Sa Pagitan ng Dalawang Imperyo: Pilosopiya at Politika sa Ang Rebolusyong Filipino ni Apolinario Mabini. Kritike. 18 (1). pp. 1-30. https://www.kritike.org/journal/issue_34/sanjuan_march2024.pdf

San Juan, D. M. (2010). Kontra-Gahum: Pagsipat sa Tema, Pilosopiya at Ideolohiya ng Piling Kontemporaryong Tulang Radikal Tungo sa Kontekstwalisasyon ng Kritisismong Marxista. *Dalumat*. 130-153. https://www.researchgate.net/publication/322896456_Kontra-Gahum_Pagsipat_sa_Tema_Pilosopiya_at_Ideolohiya_ng_Piling_Kontemporaryong_Tulang_Radikal_Tungo_sa_Kontekstwalisasyon_ng_Kritisismong_Marxista

San Juan, D. M. (2017). Bigwas sa Neoliberalismo, Alternatibo sa Kapitalismo: Adbokasing Pangwika at Sosyalistang Programa sa Nobelang Mga Ibong Mandaragit ni Amado V. Hernandez. *Researchgate. https://www.researchgate.net/publication/320546331_Bigwas_sa_Neoliberalismo_Alternatibo_sa_Kapitalismo_Adbokasing_Pangwika_at_Sosyalistang_Programa_sa_Nobelang_Mga_Ibong_Mandaragit_ni_Amado_V_Hernandez*

San Juan, D. M. (2023). Adyenda ng Paggawa (Labor Agenda) sa Pagtatatag ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN): Kontekstwalisasyon ng Ilang Pahina ng "Kapaki-pakinabang na Kasaysayan" Tungo sa Mga Adbokasing Maka-Manggagawa sa Siglo 21. *BISIG.* (5) 1. 1-24. https://publishing.pup.edu.ph/ojs/index.php/BSG/article/view/5

San Juan, D. M. (2024). Neoliberalismo at Imperyalismo: Sipat-Kurikulum at Mga Susing Konsepto. *Researchgate. https://www.researchgate.net/publication/394223637_Neoliberalismo_at_Imperyalismo_Sipat-Kurikulum_at_Mga_Susing_Konsepto*

Scholte, J. A. (2025). The Sources of Neoliberal Globalization. United Nations Research Institute for Social Development. https://www.files.ethz.ch/isn/102686/8.pdf

Senatorial aspirant Leody de Guzman says the Philippines must not rely on the US government to protect its rights in the West Philippine Sea. (Pebrero 1, 2025). [Infographic]. *Rappler.* https://www.facebook.com/rapplerdotcom/posts/senatorial-aspirant-leody-de-guzman-says-the-philippines-must-not-rely-on-the-us/1119070706921663/

Sultana, F. (2021). Critical Climate Justice. *The Geographical Journal.* Volume 188, Issue 1. https://rgs-ibg.onlinelibrary.wiley.com/doi/epdf/10.1111/geoj.12417

Torres-Yu, R. (2012). ANG PAGTATAMAN NG NASYUNALISMO SA PANULAT NI AMADO V. HERNANDEZ AT BIENVENIDO L. LUMBERA AT ANG DISKURSONG POSTKOLONYAL. *Humanities Diliman: A Philippine Journal of Humanities*. 9 (1). 31-32. https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/3373

Untalan, S. (Pebrero 18, 2026). Sara Duterte to run for president in 2028. GMA News. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/976949/sara-duterte-to-run-for-president-in-2028/story/